

**LUNSOD NG SAN DIEGO**  
**Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2**



**LORENA GONZALEZ**  
**Abugado Para sa Kapitalgran/Ina**

**Panahon na para isulong ang San Diego.**

Naglilingkod ako sa **Komisyon sa mga Lupa ng Estado ng California**, kung saan pinangangalagaan ko ang ating mga dalampasigan at look, pinangangalagaan ang ating mga pampublikong ipinagkakatiwalang lupa, at tinitiyak ang makatwirang halaga sa pamilihan kapag nagpapaupa ng mga pampublikong lupa.

Bilang **Bise-Presidente ng Liga ng mga Botante ng Konserbasyon ng San Diego**, nagtrabaho akong kasama ng mga lider ng komunidad upang pangalagaan ang kalidad ng kapaligiran ng ating mga kapitbahayan.

Sa **Lupon ng mga Direktor ng Nakaplanong Pagiging Magulang**, ako ay tagapagtaguyod para sa pagpigil ng pagbubuntis ng tinedyer.

Bilang **Nakatataas na Tagapayo kay Ten. Gobernador**, itinulak ko ang mga patakaran sa patas na pagtanggap sa Unibersidad ng California.

Nagsikap ako upang makakuha ng mabuting edukasyon - nag-aral sa **Unibersidad ng Stanford, Unibersidad ng Georgetown, at Paaralan ng Batas ng UCLA**. Tulad ng aking ina na inilaan ang kanyang buhay sa paglilingkod sa ibang mga tao bilang isang nars, pinili kong gamitin ang edukasyon upang paglingkuran ang komunidad.

Ang aking asawa, si Don, ay isang Opisyal na Patrol ng Haywey. Alam ko kung paano maghintay at magtaka at mag-alala. **Wala sinuman sa Konseho ng Lunsod na gagawin ang kaligtasan ng publiko na mas mataas na prayoridad.**

Ang aming dalawang batang anak ay nararapat sa isang mas mabuting San Diego.

Ikararangal ko na katawanin kayo sa Konseho ng Lunsod. Nagpapasalamat ako sa inyong pagsasaalang-alang.

May mga katanungan? Tawagan Ako - 858-274-2167

**LUNSOD NG SAN DIEGO**  
**Konseho ng Lunsod - Distrito Blg. 2**



**KEVIN FAULCONER**  
**Negosyante**

**Naniniwala ako ang pinakamahuhusay na araw ng San Diego ay darating pa.** Ang aking asawa, si Katherine, at ako ay naninirahan sa Point Loma kasama ang aming mga anak, si Jack at Lauren. Nagsikap ako upang pabutihin ang San Diego - bilang Tagapangulo ng Komite ng Mission Bay at bilang lider sa pakikipaglaban upang mapabuti ang kaligtasan ng publiko. Magkakasama, dapat nating:

**IBALIK ANG KATINUAN AT PANANAGUTAN SA PANANALAPI**

Alisin na ang paninisi ng iba. Magdadala ako ng pananagutan sa City Hall at patitigilin kaagad ang walang-ingat na paggasta.

Babalansehin ko ang mga libro at puputulin ang pag-aaksaya upang makatipid ng mga dolyar para sa mahahalagang serbisyo tulad ng pulisya, mga parke at mga programa pagkalabas ng paaralan.

**BUKSAN ANG TANGGAPAN NG LUNSOD SA PUBLIKO**

Ako ay nakalaang kumilos upang repormahin ang City Hall upang matiyak ang pagiging bukas at pananagutan.

*"Si Kevin Faulconer ay nagtataglay ng katapatan at integridad na kailangan natin sa Konseho ng Lunsod."*

**Sheriff Bill Kolender**

**PANATILIHING LIGTAS ANG MGA KAPITBAHAYAN**

Makikipaglaban ako upang pahasayin ang mga oras ng pagtugon ng paramediko upang protektahan ang kaligtasan ang ating mga pamilya.

Ikinararantal ko na inendorso ni **Abugado ng Distrito Bonnie Dumanis**.

**PROTEKTAHAN ANG MISSION BAY AT ANG ATING MGA DALAMPASIGAN**

Ang mga parke at dalampasigan ay dapat na isang prayoridad. Bilang Tagapangulo ng Komite ng Mission Bay, natuklasan ko ang \$17 milyon sa mga kita ng parke na ginagamit ng mga pulitiko para sa walang-habas na paggasta sa halip na protektahan ang ating look!

**Magkakasama malalampasan natin ang mahihirap na panahon ng San Diego.**

[www.KeinFaulconer.org](http://www.KeinFaulconer.org)